


ACTIVITY

- A. Ang Diyos ang lumikha sa iyo. Ikaw ay buhay na patunay ng Kanyang bukod tanging nilikha. Iguhit ang iyong sarili gamit ang pigura ng tao.



Hindi ba dapat lang tayong maging mapagpasalamat sa Diyos dahil tayo ay Kanyang nilikha? Kahit iba ang iyong kulay ng balat, taas, hibla ng buhok, hugis ng katawan, hugis ng mata, ilong at bibig; dapat ang lahat ng ito ay ipagpasalamat sa Diyos.



- B. Basahin ang situation at sagutin ang mga tanong.

Si Andy, isang grade 6 student, ay mahusay gumuhit at magpinta. Sa tuwing siya ay may free time, sa halip na maglaro ng video games or manuod ng palabas sa telebisyon, gumuguhit siya or nagpipinta ng lahat na kanyang nakikita sa kapaligiran. Paminsan-minsan ay tinuturuan niya ang mga kaibigan niya sa tabing-bahay o sa eskwela upang matuto rin silang gumuhit at magpinta. Minsan nang sumali si Andy sa isang drawing contest ngunit hindi siya pinalad na manalo. Bagamat hindi siya nakakuha ng medal ay patuloy pa rin siyang nag-guguhit at nagpipinta. Sa tuwing napupuri ng mga nakakakita ang kanyang mga gawa hindi kailanman nagyabang si Andy. Lagi niyang binibigay ang pasasalamat sa Diyos na nagbigay sa kanya ng kakayahang ito.

- Ano ang kakayahan at talento ni Andy?

- Sa paanong paraan hinhasa at pinapalago ni Andy ang kanyang kakayahan at talento?

- Paano ibinabahagi ni Andy ang kanyang kakayahan at talento sa ibang tao?

- Sino ang nabibigyang papuri sa kakayahan at talento na mayroon si Andy? Bakit mo nasabi ito?

At anuman ang inyong gagawin o sasabihin, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus at sa pamamagitan niya'y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.

Colosas 3:17

Ang lahat ng ating talento at kakayanan ay ipinagkaloob ng Diyos sa atin upang ito ay magamit natin. Hasain at paunlarin natin ito para sa ikapupuri ng nagbigay (ang Diyos) at hindi para sa ating sarili. Ibahagi natin ito para sa kapakanan ng iba at hindi pansarili lamang.



- C. Nilikha ng Diyos ang tao na may iba't-ibang kakayahan at talento. Isulat sa loob ng box ang mga kakayahan at talento na ipinagkaloob sa iyo ng Diyos.

Kakayahan	Talento
-----------	---------

Paano mo hahasain at papaunlarin ang mga kakayahan at talento na ipinagkaloob sa iyo ng Diyos?

Paano mo maibabahagi ang mga kakayahan at talento mo sa ibang tao?

Paano mo mabibigayan ng kapurihan ang Diyos gamit ang iyong mga kakayahan at talento?

- D. Memory Verse
Colosas 3:17